# Truck ban exemptions sa QC, inalis

Inalis na ng Quezon City Task Force for Transport and Traffic Management ang exemptions sa truck ban maging ang paggamit ng QC hall enforcers at LGU-owned vehicles bilang funeral escorts.

Ang hakbang ay ginawa ng task force bilang pagtalima sa utos ni Pangulong Rodrigo Duterte sa DILG Memorandum Circular No. 2019-121 na linisin ang lahat ng public roads sa loob ng 60 araw.

Ayon pa kay Atty Ariel Inton, hepe ng task force, inutos ni QC Mayor Joy Belmonte ang pagtanggal ng truck exemptions na naibigay ng nagdaang administrasyon sa lungsod dahil lumabas sa pagsusuri na karamihan sa trucks na nakalista sa exemptions ay ginagamit para sa private constructions at hindi sa mga proyekto ng gobyerno.

"It's funny how private construction firms lie under their nose and use government projects as justifications for their exemptions especially during traffic rush hours in the City," dagdag ni Inton.

Bukod dito, epektibo nung Agosto 27, 2019, hindi na rin pinapayagan ang lahat ng enforcers na ideploy para magkaloob ng escort assistance sa libing ng mga patay.

Hindi na rin anya maaaring magamit ang lahat ng city owned vehicles sa libing dahil ang mga sasakyan ng lokal na pamahalaan ay dapat na magamit sa mas tamang paggagamitan alinsunod sa direktiba ng Pangulong Duterte. *(Angie dela Cruz)*